# Accountability at zero corruption, pangako ni Joy B sa QC

NI ANGIE DELA CRUZ

Ilang araw bago ang eleksyon, ipinangako ni Quezon City mayoralty candidate Vice Mayor Joy Belmonte na ipagpapatuloy ang 'Belmonte brand' of leadership na pantay-pantay, matapat, transparent, accountable at malinis sa korapsyon ang kanyang magiging termino sakaling maluklok bilang alkalde ng lunsod.

"Malinis ang pangalan namin bilang Belmonte at hindi ako gagawa ng anuman para mabahiran ang pangalang Belmonte. Malinis na paglilingkod, tapat na paglilingkod, at paglilingkod na para sa lahat. Pantay-pantay, walang palakasan—'yan ang Belmonte brand," pahayag ni Vice Mayor Belmonte.

Nagpasalamat din si Belmonte sa kanyang mga tagasuporta kasunod ng pinakahuling survey ng RP-Mission and Development Foundation Inc. (RPMDinc) hinggil sa patuloy na pananatiling top choice ng mga taga-lungsod sa hanay ng mga mayoralty candidate sa QC na sa latest survey ay si Belmonte ng 60 percent voter preference; lamang ng 28 percent laban kay Cong. Vincent Crisologo, may 32 percent; at Ismael Mathay III, may four percent.

"Nagpapasalamat ako sa tiwala at paninindigan sa akin ng mga mamamayan natin sa Quezon City dahil sa 95 percent na trust rating sa akin. Totoo naman, kapag hinanap niyo 'yung pangalan ko sa internet, kahit kailan hindi ako nasangkot sa anumang iskandalo. Hindi ako naakusahang nagnakaw sa kaban ng bayan, at hindi ako nag-abuso sa kapangyarihan kung hindi, lahat ng panahon ko ay inilaan ko sa taumbayan," dagdag ni Belmonte.

Nangako rin ito na maipatutupad ng maayos ang mga naipasang ordinansang ng Quezon City Council sa ilalim ng kanyang pamumuno bilang presiding officer sa buong tatlong termino niya bilang vice mayor na makakatulong sa mga taga-lungsod.